**Mensahe sa Pulong ng Konseho, Abril**

Mga kapatid,

On track ba kayo sa pag-abot ng inyong mga pinansyal na layunin? Hindi ba kayo sigurado kung paano sisimulang i-set ang mga layuning ito?

Bilang agent ninyo, narito ako para tulungan kayong mahanap ang mga tamang solusyon, nasaan man kayong yugto ng buhay ninyo. Kasalukuyan man kayong nagtatrabaho at may maliliit na anak, saktuhan lang ang suweldo, o malapit nang mag-retire, excited akong tulungan kayong masulit ang inyong pinansyal na strategy para makamit ang mga priyoridad ninyo.

Ang unang dapat ikonsidera ay kung pinansyal bang maaalagaan ang inyong pamilya kung sakaling may mangyari sa inyo. Mahihirapan ba silang makapagbayad ng mortgage o iba pang utang?

Posibleng isang abot-kayang opsyon para sa inyo ang term life insurance para maprotektahan kayo kapag may hindi inaasahang pangyayari. Magkakaroon din kayo ng opsyong mag-convert sa isang permanenteng plan sa hinaharap nang walang dagdag na underwriting.

Pangalawa, paghandaan na ang retirement, kahit malayo pa ito. May mga ino-offer na solusyon ang Knights of Columbus gaya ng mga annuity para mabigyan kayo ng retirement income na garantisadong tatagal habang nabubuhay kayo.

Bilang panghuli, ikonsidera ang disability income insurance. Para sa karamihan ng kalalakihan, nasaan man silang yugto ng kanilang buhay, pinakamalaking pinansyal na pangangailangan nila ang pagprotekta sa kanilang kita. Ano'ng gagawin ninyo kapag hindi na ninyo kayang magtrabaho? Huwag balewalain ang puwedeng maitulong sa inyo ng disability income insurance.

Alam ko na hindi lang basta natatangi ang inyong mga pinansyal na pangangailangan, nagbabago rin ang mga ito sa pagdaan ng panahon. Narito ako para tulungan kayong hanapin ang mga tamang soluyon ngayon at gabayan kayo habang nagbabago ang mga pangangailangan ninyo.

Kung mayroon kayong anumang tanong, makipag-usap sa akin at puwede tayong mag-schedule ng appointment.

Salamat!

*Ipinagpapalagay ng mga garantiya na nababayaran sa tamang oras ang lahat ng premium at nakabatay ang mga ito sa kakayahan ng issuer na magbayad ng mga claim. Maaapektuhan ng anumang policy loan ang mga garantiya sa pamamagitan ng pagbabawas sa death benefit at mga cash value ng policy.*